# *Bantay Yugto 23*

## *Ang Bantay ay Tiwala at Nakikita ang Kabutihan ng Dios*

***"1 Ang PANGINOON ay aking liwanag, at aking kaligtasan: kanino ako matatakot? Ang PANGINOON, ay katibayan ng aking buhay; kanino ako masisindak? 2 Nang dumating sa akin ang mga manggagawa ng kasamaan upang kanin ang aking laman, ang aking mga kaaway at aking mga kaalit, sila'y nangatisod at nangarapa. 3 Bagaman ang isang hukbo ay humantong laban sa akin, hindi matatakot ang aking puso: bagaman magbangon ang pagdidigma laban sa akin, gayon ma'y titiwala rin ako. 4 Isang bagay ang hiningi ko sa PANGINOON, na aking hahanapin; na ako'y makatahan sa bahay ng PANGINOON, lahat ng mga kaarawan ng aking buhay, upang malasin ang kagandahan ng PANGINOON, at magusisa sa kaniyang templo. 5Sapagka't sa kaarawan ng kabagabagan ay iingatan niya ako na lihim sa kaniyang kulandong: sa kublihan ng kaniyang tabernakulo ay ikukubli niya ako; Kaniyang itataas ako sa ibabaw ng isang malaking bato. 6 At ngayo'y matataas ang aking ulo sa aking mga kaaway sa palibot ko; at ako'y maghahandog sa kaniyang tabernakulo ng mga hain ng kagalakan; ako'y aawit, oo, ako'y aawit ng mga pagpuri sa PANGINOON. 7 Dinggin mo, Oh PANGINOON, pagka ako'y sumisigaw ng aking tinig: maawa ka rin sa akin, at sagutin mo ako. 8 Nang iyong sabihin, hanapin ninyo ang aking mukha; ang aking puso ay nagsabi sa iyo, ang iyong mukha, PANGINOON, ay hahanapin ko. 9 Huwag mong ikubli ang iyong mukha sa akin; huwag mong ihiwalay ang iyong lingkod ng dahil sa galit: ikaw ay naging aking saklolo; huwag mo akong itakuwil, o pabayaan man, Oh Dios ng aking kaligtasan. 10 Bagaman pabayaan ako ng aking ama at ng aking ina, gayon ma'y dadamputin ako ng PANGINOON. 11 Ituro mo sa akin ang iyong daan, Oh PANGINOON: at patnubayan mo ako sa patag na landas, dahil sa aking mga kaaway. 12 Huwag mo akong ibigay sa kalooban ng aking mga kaaway: sapagka't mga sinungaling na saksi ay nagsibangon laban sa akin, at ang nagsisihinga ng kabagsikan. 13 Ako sana'y nanglupaypay kundi ko pinaniwalaang makita ang kabutihan ng PANGINOON. Sa lupain ng may buhay. 14 Magantay ka sa PANGINOON: ikaw ay magpakalakas, at magdalang tapang ang iyong puso; Oo, umasa ka sa PANGINOON." (Awit 27:1-27 KJV)***

Ang ***Awit 27*** ay isang awit ni David. Mukhang isinulat niya ang awit na ito habang siya ay nasa gitna ng mga problema at inaatake ng kapangyarihan ng masasama. Ang masamang atake mula sa masasamang tao ay maaaring dumating sa iyong buhay at susubukang takutin ka at maglagay ng takot sa iyong puso upang talunin ka. Dumaraan si David sa maraming problema ngunit siya ay mabuting bantay na nakakakita na maraming magagawa ang Dios para sa kanya. Kaya kailangan mong mapansin na ang Panginoon ay kasama mo, kasama rin Niya ako at ang iba tulad ng kasama Niya si David.

***"1 Ang PANGINOON ay aking liwanag, at aking kaligtasan: kanino ako matatakot? Ang PANGINOON, ay katibayan ng aking buhay; kanino ako masisindak?" (Awit 27:1 KJV)***

***1. Ang PANGINOON ay aking Liwanag:*** Gagawin ng Panginoon ang Kanyang liwanag na magnining sa iyong buhay at malinaw mong makikita ang daan palabas ng mga problema; ang liwanag ng Dios ang magpapakita sa'yo ng darating na tagumpay mula sa Kanya. ***"12 Muli ngang nagsalita sa kanila si Jesus, na sinasabi, Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan." (Juan 8:12 KJV)*** Habang patuloy nating sinusunod si Jesus at ang Kaniyang Salita, tayo ay nasa liwanag at hindi matatalo o madadapa sa mga landas ng kadiliman.

***2. Ang PANGINOON ang aking kaligtasan:*** Masisiyahan ka sa kaligtasan ng Dios at sa Kanyang pagliligtas mula sa mga problemang nanganganib sa iyong buhay. ***"6 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko." (Juan 14:6 KJV)*** Habang tayo ay kay Cristo at sumusunod sa Kanya, sa gayon nasa tamang daan tayo, ang katotohanan na nagdadala sa buhay na sagana at buhay na walang hanggan.

***3. kanino ako matatakot? Ang PANGINOON, ay katibayan ng aking buhay; kanino ako masisindak?":*** Sa Kanya magkakaroon ka ng lakas at makakahanap ka ng kanlungan at silungan upang itago ka mula sa mga problema. Ang mga kaaway at kalaban na umaatake sa'yo ay madadapa at mabubuwal. ***"2 Nang dumating sa akin ang mga manggagawa ng kasamaan upang kanin ang aking laman, ang aking mga kaaway at aking mga kaalit, sila'y nangatisod at nangarapa." (Awit 27:2 KJV)*** Ang Dios ang magpapadapa at magpapatalo sa mga kaaway na dumarating para atakihin at sirain tayo.

Ang bantay ay may tiwala mula sa Panginoon at malinaw niyang nakikita ang darating na tagumpay, ***"3 Bagaman ang isang hukbo ay humantong laban sa akin, hindi matatakot ang aking puso: bagaman magbangon ang pagdidigma laban sa akin, gayon ma'y titiwala rin ako." (Awit 27:3 KJV)*** Sa panahon ng kaguluhan kapag ang mga kaaway ay umaatake sa atin, pinalilibutan tayo, at sinusubukang sakupin tayo, hindi matatakot ang ating puso kahit na digmaan ay pumaitaas pa sa atin mananatili pa rin tayong kampante na kasama natin ang Dios at tutulungan Niya tayong malampasan ito.

***4. Hahanapin ng bantay ang PANGINOON:*** Ang bantay na may tiwala na ililigtas siya ng Panginoon sa oras ng kagipitan ay isang taong naghahanap sa Panginoon at lumalapit sa Kanya bago pa man dumating ang mga problema. ***"4 Isang bagay ang hiningi ko sa PANGINOON, na aking hahanapin; na ako'y makatahan sa bahay ng PANGINOON, lahat ng mga kaarawan ng aking buhay, upang malasin ang kagandahan ng PANGINOON, at magusisa sa kaniyang templo." (Awit 27:4 KJV)*** Si David ay naghahangad na manahan sa bahay ng Dios; hindi dahil wala siyang matitirhan kundi dahil nais niyang maging malapit sa Dios at nais niyang magnilay tungkol sa Dios at sa Kanyang kabutihan at nais niyang palaging magtanong sa Kanya. Ang ating kaligayahan ay dapat na laging maging malapit sa Dios, lumapit sa Kanya, kasama Siya sa ating paglalakbay, magnilay sa lahat ng Kanyang kabutihan at katapatan sa atin, gayundin magtanong sa Kanya, magtanong ng mga katanungan at humingi sa Kanya ng tamang desisyon na kailangan nating gawin sa ating buhay. Ang manahan sa bahay ng Dios ay ang hanapin ang Kanyang proteksyon. ***"5 Sapagka't sa kaarawan ng kabagabagan ay iingatan niya ako na lihim sa kaniyang kulandong: sa kublihan ng kaniyang tabernakulo ay ikukubli niya ako; Kaniyang itataas ako sa ibabaw ng isang malaking bato." (Awit 27:5 KJV)*** Magkakaroon ka ng proteksyon ng Dios sa oras ng kagipitan, at itatago ka Niya pati na rin ang ministeryong iniatas sa iyo upang paglingkuran Siya.

Ang bantay ay naghahanap ng harapan ng Diyos, ang Kanyang kalooban at ang Kanyang tulong, ***"8 Nang iyong sabihin, hanapin ninyo ang aking mukha; ang aking puso ay nagsabi sa iyo, ang iyong mukha, PANGINOON, ay hahanapin ko." (Awit 27:8 KJV)*** * Ang paghahanap sa mukha ng Dios ay nangangahulugang hindi mo hinahanap ang Kanyang kamay para makakuha ng materyal na bagay mula sa Dios. * May dalawang uri ng tao; yaong naghahanap ng Kanyang kamay para makuha ang materyal na bagay mula sa Kanya at iyon ang kanilang pangunahing prayoridad kahit na hindi ikinatutuwa ng Dios ang kanilang ginagawa, at ang isa pang uri ng tao ay yaong naghahanap ng Kanyang mukha at nagsusumikap na mapasaya ang Dios. * Ang paghahanap sa mukha ng Dios ay nangangahulugang gusto mong malaman nang detalyado ang mga bagay tungkol sa Dios. Ang paghahanap sa mukha ng Dios ay nangangahulugang gusto mong makita ang Dios na natutuwa sa iyo at ang Kanyang mukha ay nakangiti sa iyo, at sa ganoon ay aanihin mo ang ani ng katuwiran at hindi ang ani ng materyal na bagay.

Ang tiwala ng bantay sa kabutihan at awa ng Dios sa kanya ay magpapahintulot sa kanya na makamit pa ang iba pang bagay:

***5. Siya ay magsasakripisyp at ibibigay sa Dios at paglilingkuran Siya sa Kanyang simbahan: "6 At ngayo'y matataas ang aking ulo sa aking mga kaaway sa palibot ko; at ako'y maghahandog sa kaniyang tabernakulo ng mga hain ng kagalakan; ako'y aawit, oo, ako'y aawit ng mga pagpuri sa PANGINOON." (Awit 27:6 KJV)*** Kapag bibigyan tayo ng Dios ng tagumpay laban sa ating mga kaaway, magbibigay ito ng lakas at pagtataguyod sa atin na ibigay sa Dios ang nararapat sa Kanya, hindi lamang sa ikapu, unang bunga at iba't ibang alay kundi pati na rin ang pagbibigay sa Kanya ng ating oras at pagsisikap at paglingkuran Siya sa Kanyang santuwaryo, Kanyang simbahan at sa Kanyang iba't ibang ministeryo.

***6. Ang bantay ay may tiwala upang manangis sa Dios at lumapit sa Kanya sa panalangin: "7 Dinggin mo, Oh Panginoon, pagka ako'y sumisigaw ng aking tinig: maawa ka rin sa akin, at sagutin mo ako." (Awit 27:7 KJV)*** Ang bantay ay nagsusumamo sa Dios para sa awa at humihingi sa Kanya ng tulong at sagot sa kanyang panalangin. Kailangan nating ipagpatuloy ang ating mga panalangin at pagsusumamo sa Dios na nagtitiwala na Siya lamang ang paraan upang tayo ay mapalaya sa ating mga problema. Maganda na ipinagkatiwala ni David ang kanyang panalangin sa Dios. ***"9 Huwag mong ikubli ang iyong mukha sa akin; huwag mong ihiwalay ang iyong lingkod ng dahil sa galit: ikaw ay naging aking saklolo; huwag mo akong itakuwil, o pabayaan man, Oh Dios ng aking kaligtasan." (Awit 27:9 KJV)*** Sa kapareho kapag tayo'y nasa problema at ang kaaway ay matindi ang pag-atake sa atin, kailangan nating manalangin at makipag-usap sa Dios. ***"Huwag mong ikubli ang iyong mukha sa akin; huwag mong ihiwalay ang iyong lingkod ng dahil sa galit: ikaw ay naging aking saklolo; huwag mo akong itakuwil, o pabayaan man, Oh Dios ng aking kaligtasan."***

***7. Ang bantay ay may tiwala na kahit na ang mga tao na malapit sa kanya ay iiwan siya, ngunit tatanggapin siya ng Panginoon at aalagaan siya: "10 Bagaman pabayaan ako ng aking ama at ng aking ina, gayon ma'y dadamputin ako ng PANGINOON." (Awit 27:10 KJV)*** Ang mga taong malapit sa iyo na inaasahan mo ay maaaring iwan ka sa oras ng kagipitan, sa anumang dahilan man. Ngunit ang Panginoon ay hindi ka iiwan o pababayaan. Ang bantay ay may tiwala na pupunan ng Dios para sa kanya ang puwang ng sinumang tao na iiwan siya.

***8. Ang bantay ay mapagkumbaba at hihilingin sa Panginoon na turuan siya: "11 Ituro mo sa akin ang iyong daan, Oh Panginoon: at patnubayan mo ako sa patag na landas, dahil sa aking mga kaaway." (Awit 27:11 KJV)*** Habang nagpapakumbaba ka sa harap ng Dios at hinihiling mo sa Kanya na turuan ka ng Kanyang mga paraan at gabayan ka sa daan para maiwasan ang mga taong nang-aapi sa iyo, sa gayon itataas ka Niya at

sasagutin ka ng Panginoon at ituturo sa iyo ang Kanyang ligtas na paraan para pagsilbihan Siya at mabuhay para sa Kanya.

***9. Hihilingin ng bantay sa Dios na protektahan siya mula sa kanyang mga kaaway at sa mga taong naghihintay na siya ay madapa: "12 Huwag mo akong ibigay sa kalooban ng aking mga kaaway: sapagka't mga sinungaling na saksi ay nagsibangon laban sa akin, at ang nagsisihinga ng kabagsikan." (Awit 27:12 KJV)*** Hangga't malinis ang iyong puso at intensyon, magtiwala ka na manalangin at humingi sa Dios na protektahan ka mula sa mga kaaway na naghahanap ng pagkakataon na saktan ka. Marami ang maaaring lumaba laban sa'yo at subukang saktan ka dahil sa matibay mong paninindigan sa Dios. Ngunit hindi ka iiwan o pababayaan ng Dios, sapagkat darating Siya upang iligtas ka mula sa kanilang panganib at karahasan.

***10. May tiwala ang bantay na ipahayag sa iba at magpatotoo: "13 Ako sana'y nanglupaypay kundi ko pinaniwalaang makita ang kabutihan ng PANGINOON. Sa lupain ng may buhay." (Awit 27:13 KJV)*** Ang iyong karanasan kasama ang Dios at kung paano ka Niya nailigtas mula sa iyong mga problema kahit na manlupaypay ka at halos naubos na ang iyong lakas, ay magiging magandang patotoo sa iba upang sundan ang Dios. Kaya't patuloy kang magpatotoo at maging mabuting tagapagbigay-lakas sa iba na dumaraan sa mga problema at pagsubok dahil sa kanilang katuwiran at mabuting paninindigan sa Dios. Hikayatin mo sila na tutulungan sila ng Dios, ililigtas sila at gagabayan mula sa mga problema at ibibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Bilang isang bantay, hinihikayat kitang magtiwala sa Dios at maghintay sa Kanya, hanapin Siya, lumapit sa Kanya, at sundin ang Kanyang mga landas hanggang sa Siya ay dumating at iligtas ka. ***"14 Magantay ka sa Panginoon: ikaw ay magpakalakas, at magdalang tapang ang iyong puso; Oo, umasa ka sa Panginoon." (Awit 27:14 KJV)***

- ***Magantay ka sa Panginoon:*** Huwag gawin ang iyong pansariling kagustuhan at plano.
- ***ikaw ay magpakalakas,*** huwag matakot, manindigang nang matatag laban sa mga kaaway at huwag yumuko sa kanilang mga panggigipit.
- ***at magdalang tapang ang iyong puso;*** Palalakasin ka ng Dios at bibigyan ka ng tiwala sa iyong puso.
- ***Oo, umasa ka sa PANGINOON.*** Maghintay sa Kanyang gantimpala at sa Kanyang pangalawang pagbabalik para dalhin tayo at magpakailanamn sa Langit.

Manalangin tayo.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa Iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa Iyong Salita na tumutulong sa akin na makita ang Iyong kabutihan sa akin. Panginoon, salamat sa mga pagpapalakas ng loob na natanggap ko mula sa Iyo at sa pagpapatibay ng aking pananampalataya at puso. Panginoon, salamat sa lahat ng mabubuting bagay na idinagdag Mo sa aking buhay.*

*Ipahayag at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipahayag an iyong pagdududa at kakulangan sa pananampalataya sa Dios. Ipahayagang iyong kamunduhan at pagmamahal sa materyal na bagay. Ipahayag na hinahanap mo lamang ang kamay ng Dios at hindi ang Kanyang mukha. Ipahayag at talikuran ang iyong takot sa tao. Ipahayag ang iyong kakulangan sa pagtitiwala sa Dios. Ipahayag ang iyong walang kahandaang manindigan para sa Dios at magdusa para sa Kanya. Ipahayag ang iyong walang kahandaang ialay ang iyong buhay sa Dios at maglingkod sa Kanya. Panginoon, ako ay nagsisisi, patawarin Mo ako sa mga sumusunod na kasalanan ___________________________.*

*Panginoon, sa napakahalagang oras na ito at sa hirap na aking pinagdadaanan ____________________, Panginoon, hinihiling ko sa Iyo na tulungan mo ako at iligtas ako mula sa aking mga kaaway at mula sa mga taong may galit sa akin. Panginoon, huwag mo akong ipagkaloob sa kagustuhan ng aking mga kaaway, dahil may mga maling saksi na tumatayo laban sa akin, na nagbubuga ng karahasan. Ituro mo sa akin ang Iyong daan, O PANGINOON; pangunahan mo ako sa tuwid na landas dahil sa aking mga nang-aapi. Dinggin mo ang aking tinig kapag ako'y tumatawag, O PANGINOON; maawa Ka sa akin at sagutin mo ako.* ***"Huwag mo akong ibigay sa kalooban ng aking mga kaaway: sapagka't mga sinungaling na saksi ay nagsibangon laban sa akin, at ang nagsisihinga ng kabagsikan. Ako sana'y nanglupaypay kundi ko pinaniwalaang makita ang kabutihan ng Panginoon. Sa lupain ng may buhay."*** *Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili para ipalaganap ang Iyong Salita at hikayatin ang mga tao sa paligid ko kung paano ko naranasan ang Iyong kabutihan sa aking buhay. Panginoon, pahiran ang aking patotoo at gamitin ito upang makahikayat sa iba na ilagay ang kanilang buong tiwala sa Iyo.*

*Panginoon, salamat sa lahat ng aking mga Kapatid na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at ganap na inialay ang kanilang buhay sa Iyo. Panginoon, iligtas mo sila sa lahat ng kanilang mga problema at tulungan silang*

*magpatuloy sa paglilingkod sa Iyo, naninindigang matatag sa Iyo at sa Iyong Salita, na hindi mo sila iiwan ni pababayaan sapagkat bibigyan mo sila ng lakas sa pamamagitan ng Iyong biyaya at awa at magiging kasama nila sa pagharap sa lahat ng kanilang laban. Panginoon, gamitin mo ang kanilang buhay bilang mabuting patotoo sa iba upang makilala ka. Panginoon, gawin mo silang mga bantay na lalaki at babae na mabunga at magandang halimbawa sa iba upang sundan.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan, at tulungan mo kaming patuloy na manindigan laban sa lahat ng masamang gawi ng kaaway at nagtitiwala kami sa iyo, Panginoon, na ibibigay mo sa amin ang tagumpay laban sa kanila. Panginoon, itatag mo ang mas maraming manggagawa kasama namin para maglingkod sa iyo. Panginoon, puspusin mo muli kaming Banal na Espiritu, gabayan mo kaming yumaon at mag-evangelio, gumawa ng mga bagong alagad, at sanayin ang mga bagong manggagawa para magtayo ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin na mas maraming tao ang mabautismuhan sa tubig at matanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com